Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City
Tel Nos. (632) 929-6626 loc. 2113; 1070 Fax (632) 926-2567
E-mail: officeofuseccuna@denr.gov.ph; website www.denr.gov.ph

**MEMORANDUM**

| | | |
|---|---|---|
| TO | : | **THE REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR**<br>DENR-Region IV-B MIMAROPA<br>1515 Roxas Blvd., Ermita, Manila |
| FROM | : | **THE UNDERSECRETARY**<br>Field Operations – Luzon, Visayas and Environment |
| SUBJECT | : | **1st TRACER RE: TITLING CONCERN OF MR. ALIM A. BANTOGAN IN THEIR OCCUPIED LOT IN SITIO TEBATAN, BRGY. DECALACHAO, CORON, PALAWAN** |
| DATE | : | FEB 2 3 2023 |

This pertains to the undated letter of Mr. Alim A. Bantogan, Public Land Area President Association, regarding the above-mentioned subject.

Records show that the matter was already referred to your Office thru Memorandum dated 03 February 2023, a photocopy of which is hereto attached for your ready reference.

Relative to this, may we reiterate our previous instructions for you to act in accordance with the pertinent laws, rules and regulations on the matter. Kindly furnish this Office and the parties concerned of the action taken citing document tracking number DENRCO-ASRMD-2022-031486 for record and monitoring purposes.

For compliance.

**ATTY. JUAN MIGUEL T. CUNA,** *CESO I*

Encls.: as stated

cc: **Mr. Alim A. Bantogan**
Sitio Tebatan, Brgy. Decalachao
Coron, Palawan

**Office of the Secretary**
DENR

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**Document Action Tracking System**
**Document Routing Slip**

**Document No:** DENRCO - AS RMD-2022-031486 **Print Date:** Tuesday, December 13, 2022

**Sender:** DEMETRIO G. WAGWAG

**Address:** SITIO TEBATAN BRGY. DECALACHAD CORON PALAWAN

**Subject** LETTER DTD 12/13/2022 UNDTD LAND PROBLEM OF ALIM A. BANTOGAN AT SITIO TEBATAN BRGY. DECALACHO CORON PALAWAN (W/ ATTACHMENTS)

**Addressee(s):** Office of the Secretary (DENRCO - OSEC)

**CC Addressee(s):**

**Date/Time Received:** 12/13/2022 10:56:00 AM

| ROUTING AND ACTION INFORMATION | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **FROM** | **DATE/TIME RECEIVED** | **FOR/TO** | **DATE/TIME RELEASED** | **ACCEPTANCE REMARKS/ACTION REQUIRED/TAKEN REMARKS/STATUS** |
| | 12/13/2022 11:06:59 AM | DENRCO - AS RMD | | |
| DENRCO - AS RMD | | DENRCO - OSEC | 12/13/2022 11:07:09 AM | |

CARA 12-13-22 4pm

BF/Jm 12-13-22

CL 12-20-22

REFERRED TO OUPO LUE
FOR APPROPRIATE ACTION.

DIR JOE-MAR PEREZ
OFFICE OF THE SECRETARY
Date: 2/7/23

OSec 2/7/23 to Atty Pardy 2/13/23

Engr. Camag 2/14/23 please refer to R4B, for evaluation/further a.a., n parties concerned.

Record 2.23.23 VJ Aute's memo 2.23.23 to R4B cc: Mr. Bantogan + OSec

Encoder: Zipagan, Meligyn A.



-182

REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG PALAWAN
BAYAN NG CORON,PALAWAN
SITIO TEBATAN, BRGY. DECALACHAO

Magandang araw po sa inyong butihing tanggapan, kami po ay buong puso na dumudulog sa inyong butihing tanggapan na sana po ay mabigyan pansin ang aming pong daing sa amin pong lugar dito po sa Sitio Tebatan, Brgy. Decalachao, Coron, Palawan.

Bago po ang lahat ay hayaan niyo po na ako ay magpakilala. Ako po si Alim Abdullah Bantugan ako po ay 38 years old. Pinanganak po ako sa Marawi City. Ang pangalan po ng aking ama ay si Bobong Bantogan at ang pangalan ng aking ina ay si Saimah Abdullah at dalawa po kaming magkapatid sa ina pero marami po kaming magkakapatid sa ama at kami po ng ate ko ay nahiwalay sa aming ama. Tatlong taon gulang palang ang ate ko. Ako naman po ay isang taon gulang palang ng kami ng nanay ko ay lumuwas ng maynila. Hirap po ang dinanas naming ng aking ate at ang akin ina. Noong ako po ay nagkaisip ay dinanas ko na po ang kahirapan na subukan po naming magkapatid na magtinda ng plastic bag sa Quiapo. Habang kami ay nag-aaral mula grade 1 hanggang grade 4 at nagtitinda narin po ako ng sigarilyo hanggang grade 6. Ako lang po ang gumagastos sa aking pag aaral at ako rin po ang sumuporta sa aking ina. Hanggang sa nagpraktis po akong magmaneho na Binigay po sa akin ng Panginoon na may likha ng langit at lupa. Ako po ay nagkapamilya sa Luzon Ave., nagkaroon po kaming ng dalawang anak na babae noong nag-tatlong taon gulang ang panganay ko at ang bunso ko naman ay isang taong gulang ay bigla pong may pagsubok na dumating sa buhay ko na siyang nagpagulo ng pananahimik ng aming buhay ng aking pamilya ng ako po ay biglang hulihin ng Pulis na hindi ko po alam kung anong dahilan bakit ako hinuli. Ang sabi po ng pulis sa akin ay muslim daw ako kaya magandang kaso daw sa akin ay Drug's dahil kami raw mga Muslim ay walang puwang sa Quezon City panggulo lang daw po kami kinulong nila ako at baka raw po ako ay may pera para makalaya pero ang sinagot ko po ay wala po kaming pera sapat lang po ang aking kinikita sa pagpasada pero hindi po maniwala ang Pulis ang sabi po nila ay ang mga muslim daw ay mapepera kaya magbigay na daw ako ng sampung libo. Ang sagot ko po ay wala po talaga kaming pera hanggang nagalit ang isang Pulis at ang sabi po nila ay tuluyan na natin yan wala palang pakinabang iyan. Kaya ako po ay tinuluyan nila at inilipat nila ako sa Kamuning Road Jail ng Quezon City sa hirap ng buhay ay hindi na nakatiis ang aking asawa na iniwan po niya ako at nilayo po ang dalawa ko pong anak. Bumuno po ako sa kulungan ng pitong taon at nasintensyahan po ako ng labing limang taon ng ako ko ay malipat sa munting lupa ay lalo po akong nasakatan dahil po sa hindi ko na alam kung ano na po ang mangyayari sa buhay ko noonguna po lagi po akong naiiyak sa sama ng loob hanggang sa dumating sa buhay ko ang babaeng nagbibigay ng lakas ng loob para labanan lahat hanggang sa nagka-anak ng dalawa lalo po akong nagkaroon ng lakas na hinihiling ko po lagi na ako po ay makalaya na. Kahit po nahihirapan ang aking asawa ay lumalaban din

po siya hanggang sa nabuno ko po ang aking sintensya na siyang malaking pasasalamat sa Panginoong Allah na buhay po akong lumayang kami po ng pamilya ko ay umuwi sa aking ina ay sobrang tuwa ng akin ina at kapatid pero hindi po ako nagtagal sa kanila ako po ay kinuha ng aking kapatid sa ama sila po ay nakatira sa lungsod ng Coron, Palawan ng kami ay makarating sa kapatid ko dito sa Coron, Palawan ay sa kanila kami tumira pero lahat ng trabaho po ay aming ginawa ng asawa ko sa pader ng aking kuya . Naging trabaho ng asawa ko sa bahay ng kapatid ko ay maglaba, magluto, maglinis ng kanilang bahay. Ako naman po ay tindero po ng kanilang tindahan. Hanggang sa ako po ay pumasada ng tricycle at lumipat po kami ng tirahan, kami po ay lumipat sa palengke ng Coron. Hanggang nagging apat ang aking mga anak ng mayron po akong naging kaibigan na si Dondon biglang nag-sabi na baka gusto ko daw makaroon ng matatayuang bahay na hindi naman po ako nagdalawang isip na agad ko po ito pinatayuan ng bahay kahit na ito ay tagpi-tagpi basta mayroon lang po kaming masisilungan, ng tumagal po ako sa lugar ay nakilala po ako ng mga nanunungkulan ng Samahan. Ako po ay kinausap ng kanilang presidente na sinabi na sinabi na gagawin daw po akong opisyal ng Samahan. Pero ang sabi ko po ay baka maging sakit lang ako ng ulo nila, na hindi nila naiitindihan ang aking ibig sabihin hanggang sa nagkalaboan kami dahil sa mali ang kanilang panunongkulan sa maraming tao kaya po ako ay napilitang magtatag ng bagong Samahan na siya ring sumuporta ang mga tao. Kami po ay mga magsasaka at mga mangingisda na kasalukuyang naninirahan dito sa Sitio Tebatan, Brgy. Decalachao, Coron, Palawan na lugod po kaming humihingi ng tulong sa mahal naming Pangulo na sana po ay marinig ang aming pong kahilingan na mapasa amin ang lupa na kinatitirikan ng aming bahay na alam po namin na ito ay pag-aari ng yumaong Ferdinand Marcos na ama ng ating mahal na Pangulo. Sa tulong po ni Sir. Demetrio G. Wagwag na walang sawang tumutulong sa mga katulad naming mga kapos-palad na mga mag sasaka at mangingisda.

Marami pong salamat sa inyo pag-unawa sa aming kahilingan pag palain po kayo ng Puong Maykapal at pagpalain po kayo ng Panginoon.

Maraming-maraming salamat po.

Lubos na gumagalang at nagpapasalamat,



ALIM A. BANTOGAN
PUBLIC LAND AREA PRESIDENT
ASSOCIATION

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Palawan
Bayan ng Coron
Sitio Tebatan, Brgy. Decalachao

**AGRI FARMERS & FISHER FOLKS ASSOCIATION INC.**

**PROJECT PROPOSAL**

1. Electricity
2. Water System
3. Talipapa Market
4. Covered Court
5. School Day Care Center
6. Clinic with Doctor Facilities
7. Church
8. Security Post
9. Cemetary
10. Signage

**LIVELYHOOD PROGRAM**

1. Waving Baskets
2. Vegetable Farm or any plant grows
3. Piggery Poultry / Chicken Poultry
4. Vulcanizing Shop

1a1X

31486

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Palawan
Sitio Tebatan, Brgy. DECALACHAD
Coron, Palawan

Department of Environment & Natural Resources
Records Management Division
RECEIVED
DEC 13 2022
Received by: Time:

(Kapayapaan)

**Office of the President**
**Presidential Action Center**
**(PAC)**
**Tahanan ng Masa Bldg.**
**Malacañang, Manila, Philippines**

Dear Sir, Mam,

Isang makalikasang araw, masayang mabuting pagbati po sa inyong lahat na may serbisyong totoo sa ating mahal na Inang Bansang Pilipinas. Ang National Legal Process of Appeal (NALEPAP) ay babangon muli (BBM) para sa lahat ng mamamayang Pilipino upang ihayag ang tunay na saloobin ng mga karaingan ng bawat Pilipino, hindi lang para sa pansariling kapakanan kundi para sa kapakanan ng lahat maging sino ka man, anuman ang lahing pinagmulan, anuman ang pananampalatayang kinagisnan, ang napakahalaga sa lahat ay ang pagkakaisa sa isang layunin (UNITEAM) tungo sa maganda at maaliwalas na kinabukasan para sa isang hangaring pag-unlad ng mga taong bayan na may sadyang hangarin ng tunay na kapayapaan ng ating Bansang Pilipinas. Ang pagtutulungan at pag-uunawaan sa bawat isa, sa bawat panig ng ating Sambayanang Pilipino ay ang tunay na paglilingkod "SERBISYONG TOTOO" maging mahirap ka man o mayaman, maimpluwensiya o mangmang sa lahat ng aspeto ang kailangan ay ang pantay-pantay na pagpapatupad ng ating batas na pinapatupad ng ating Pamahalaan ng Pilipinas.

Mahal naming Pangulo Ferdinand Romualdez "BONGBONG" Marcos Jr. ang sambayanang Pilipino ay nakatanaw na sa muling pagbangon ng ating Bansang Pilipinas sa pagharap ng anumang hamon ng kahirapan, kaguluhan, epedemya at ang bawal na gamot na siyang napakabigat na lason ng ating lipunan. Ito po ay lantarang ginagawa ng iilang mga kawani na nanunungkulan sa ating pamahalaan nang dahil sa matinding naranasang kahirapan, naging kasabwat na ang ating mahihirap na mamamayan, naging kanlungan nila para makatawid lamang sa araw-araw na pangangailangan. Marami nang naging Pangulo ng ating Bansang Pilipinas na nagsubok masugpo ito, para bang wala ring kabuluhan pagkat ang mga sanga lamang ang pinutol hindi talaga pinutol ang puno at tuluyang pinatay. Ngunit hindi po ito tuluyang namatay, mahal naming pangulo hanggang sa kasalukuyang, buhay pa rin ang droga sa Pilipinas hangarin po ng "NALEPAP" na makatulong sa inyong problema ang pagkakaisa laban sa mga katiwalian sa pamamagitan ng walang takot isiwalat ang buong katotohanan na nangyayari sa ating kapaligiran. Ang ating Panginoong Hesus ay may alagad

na mga disipulo, taga sunod ni Kristo, ngunit may Hudas pa rin para ipagkanulo po siya sa mga kalaban sa kanyang paghahari para sa kabutihan ng kanyang mga nilikha. Lahat pong ito mahal naming Pangulo "BBM" ay isang pagsubok sa inyong katatagan bilang Ama ng ating bansa. Maraming salamat sa iyong maka Diyos na pagkakaisa, pagbuklod-buklod (UNITEAM) pagsama-sama makakaya natin ang malaking problema ng bansa ang kahirapan.

Sir, Mam mapahaba ko na po ang mga masusing pagsubaybay sa mga pangyayaring naganap sa ating Bansang Pilipinas lalo higit dito sa aming lalawigan ng Palawan na laganap pa rin ang kaguluhan wala na ang Peace Order nalang na siyang umiiral. "ORDER TO DESTROY PEACE" dahil nasangkot na po ang iilang alagad ng batas at iba pang kawani dito sa aming Lokal na pamahalaan. Nasangkot na po sila sa "ILEGAL ACTIVITIES" na siyang matagal na sakit sa aming lalawigan ng Palawan. Ang pagsira sa ating kalikasan nagkakalbohang kabundukan, ang ILEGAL DRUGS, ILEGAL FISHING, ang LAND GRABBING ang mga ILEGAL SQUATER na laganap na din sa ating kapuluan ng ating Bansang Pilipinas. Ang lahat ng ito ay naging sanhi sa mga tiwaling kawani ng ating Pamahalaan ng Pilipinas. Ang lahat ng ito ay isang mabigat na pasang Krus ng ating butihing "Pangulong Ferdinand Romualdez Marcos Jr." hindi po niya makakayang mag-isa. Kaya Sir, Mam ang programa niya DE GOBERNO ay "UNITEAM" tayong mga mamamayan ang maging "MATA at TAINGA sa kanyang Administrasyon ngayon, basta ang katotohanan lamang ang isisiwalat natin sa kanya, kung ano ang tunay na nangyari sa ating lalawigan ng Palawan.

Ang National Legal Process of Appeal (NALEPAP) ay patuloy na nakikibaka para sa mga inaapi at inaapakan ang mga karapatan lalo na sa ating mahihirap na mamamayan. Wala po itong kinikilingan anumang lahi ang iyong pinag mulan Muslim o Kristiyano, Dayuhan ka man dito sa Pilipinas, dapat pairalin natin ang ating Saligang Batas upang lubos na maunawaan ang tamang paghusga sa makatarungang paraan walang mahirap o mayaman "RIGHT JUSTICE MUST PREVAIL" "JUSTICE DELAYED, JUSTICE DENIED".Ang ating mga kapatid na Muslim na dito na matagal naninirahan sa bayan ng Coron, Palawan at ang mga katutubo lumapit sa National Legal Process of Appeal (NALEPAP) para maunawaan nila ang tunay na "Karapatang Pantao Commission on Human Rights (CHR) na gawin ito sa makadiyos, makatao sa legal na kaparaanan. Sir, Mam kapag ang Panginoon Diyos ang nasa atin sino ang kalaban natin? Kapag ang lahat na isipin at gagawin ay nasa legal na kaparaanan sino ang magkaso sa atin? Kaya Sir, Mam dapat lang ay nasa matuwid lang tayo huwag po nating ipahamak ang ating Bansa, Bayan o Lalawigan sa pansarili lamang na intension pwede po ba Sir, Mam? Please po Sir, Mam sa ating bagong Administrasyon tulungan po natin. Magtulungan po tayo, makabangon muli ang ating Bansang Pilipinas "BBM" Hindi na mabaon sa malaking pagkakautang. Dahil iilan lang na Pilipino na ang nagbabayad ng Buwis. Ang masusing pagsubaybay ng "NALEPAP" sa kapaligiran ng aming lalawigan. Ang tunay na kailangan lang ay ang Serbisyong totoo ng mga Municipal Assessor at DENR, magkaroon na po ang mga Squatter ng legal na Document sa Public Land Area para wala ng Squatter sa sarili nating Bayan, ngayon at sa sunod pang salin lahi. Isang matibay na ebidensiya kapag sinabi mo akin ito" na siyang pagmamanahan ng ating mga anak at apo. Hindi po tayo maging sinungaling sa kanila, lalo na't kung mawala na tayo sa mundong ito. Paalala lang po ito Sir, Mam sa ating mga lingkod bayan na nakakalimot na sa kanilang tungkulin pinaglilingkuran sana Serbisyong Totoo.

Sir, Mam sana lubos po ninyong naunawaan ang inilahad ko po dito sa pamamagitan ng "National Legal Process of Appeal" (NALEPAP) tanging dalangin po namin sa Poong Maykapal, kay "Allah" na magkaisa tayo sa kanyang pag-ibig, para ang hangarin po natin na magkaroon ng sariling lupain ay naaayon lang sa kanyang kalooban. GOD BLESS!!!

Lubos na gumagalang at Nagpapasalamat,

**BRO. DEMETRIO G. WAGWAG**
NALEPAP – Founder/President

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City
Tel Nos. (632) 929-6626 loc. 2113; 1070 Fax (632) 926-2567
E-mail: officeofuseccuna@denr.gov.ph; website www.denr.gov.ph

**MEMORANDUM**

| | | |
|---|---|---|
| TO | : | **THE REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR**<br>DENR-Region IV-B MIMAROPA<br>1515 Roxas Blvd., Ermita, Manila |
| FROM | : | **THE UNDERSECRETARY**<br>Field Operations – Luzon, Visayas and Environment |
| SUBJECT | : | **REQUEST OF MR. ALIM A. BANTOGAN FOR ASSISTANCE RE: TITLING OF THEIR OCCUPIED LOT IN SITIO TEBATAN, BRGY. DECALACHAO, CORON, PALAWAN** |
| DATE | : | FEB 0 6 2023 |

This pertains to the letter dated 15 December 2022 from the Presidential Complaint Center, Office of the President, Manila, addressed to the Honorable Secretary, which was received to this Office dated 01 February 2023, forwarding the attached letter of Mr. Alim A. Bantogan, Public Land Area President Association, regarding the above-mentioned subject.

You are hereby requested to provide necessary technical assistance and act in accordance with the pertinent laws, rules and regulations on the matter. Directly reply to the parties concerned and copy furnish this Office of the action taken citing document tracking number DENRCO-ASRMD-2023-000812 for record and monitoring purposes.

For compliance.

**ATTY. JUAN MIGUEL T. CUNA,** *CESO I*

Encls.: as stated

cc: **Mr. Alim A. Bantogan**
Sitio Tebatan, Brgy. Decalachao
Coron, Palawan

**Presidential Complaint Center**
Office of the President, Malacañang, Manila
PL-NEM-12-15-2022-018
pcc@malacanang.gov.ph

**Office of the Secretary**
DENR

PRIORITY

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**Document Action Tracking System**
**Document Routing Slip**

**Document No:** DENRCO - AS RMD-2023-000812 **Print Date:** Wednesday, January 11, 2023

**Sender:** JAIME LLAGUNO MABILIN

**Address:** PRESIDENTIAL COMPLAINT CENTER
BAHAY UGNAYAN, JOSE P. LAUREL STREET MALACANANG, MANILA

**Subject** LETTER DTD 12/15/2022 LETTER FROM MR. ALIM A. BANTOGAN OF SITIO TEBATAN BRGY. DECALACHO CORON PALAWAN SEEKING INTERCESSION RELATIVE TO ISSUES AND CONCERNS WITH PCC CODE NO. PL-NEM-12-15-2022-018 (W/ ATTACHMENTS)

**Addressee(s):** Office of the Secretary (DENRCO - OSEC)

**CC Addressee(s):**

**Date/Time Received:** 01/11/2023 11:57:00 AM

| ROUTING AND ACTION INFORMATION | | | | |
|---|---|---|---|---|
| FROM | DATE/TIME RECEIVED | FOR/TO | DATE/TIME RELEASED | ACCEPTANCE REMARKS/ACTION REQUIRED/TAKEN REMARKS/STATUS |
| | 01/11/2023 11:59:31 AM | DENRCO - AS RMD | | |
| DENRCO - AS RMD | | DENRCO - OSEC | 01/11/2023 11:59:31 AM | |

CARA 1-11-23 3:50

JM 1-12-23

REFFERED TO OUPO - LVE
FOR APPROPRIATE ACTION.

DIR JOE-MAR PEREZ
OFFICE OF THE SECRETARY
Date: 1/30/23

OSec 2/2/23 to Atty. Rudy Sr. 2/1/23

Engr. Gm 2/2/23 please refer to R4B, provide necessary tech assistance, cc parties concerned of action taken.

Records 2/6/23 USMTC's memo 2/6/23 to R4B
cc: Mr. Bantogan, OP & OSEC

Encoder: Zipagan, Meligyn A.



OP. 12/22 1/12/23 [signature] 82